1

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lesson Exemplar for Language

Quarter 1
Week
3

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Lesson Exemplar for Language Grade 1**
**Quarter 1: Week 3**

This material is intended exclusively for the use of teachers in the implementation of the MATATAG K to 10 Curriculum. It aims to assist in delivering the curriculum content, standards, and lesson competencies.

**The Intellectual Property Code of the Philippines** states that "No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties."

Borrowed materials (e.g., texts, illustrations, musical notations, photos, and other copyrightable, patentable contents) included in this learning resource are owned by their respective copyright and intellectual property right holders. Where applicable, DepEd has sought permission from these owners specifically for the development and printing of this learning resource. As such, using these materials in any form other than agreed framework requires another permission and/or licensing.

No part of this material, including its original and borrowed contents, may be reproduced in any form without written permission from the Department of Education.

Every care has been taken to ensure the accuracy of the information provided in this material. For inquiries or feedback, please call the Office of the Director of the Bureau of Learning Resources via telephone numbers (02) 8634-1072 and 8631-6922 or send an email to blr.od@deped.gov.ph.

The Department of Education would like to extend its sincere appreciation and gratitude to the United States Agency for International Development and RTI International through its ABC+ Project and UNICEF for supporting and providing technical assistance in the development of the MATATAG learning resources.

Published by the Department of Education
Secretary: Sara Z. Duterte
Undersecretary: Gina O. Gonong

**Development Team**


**Writer** : Ellen Grace F. Fruelda
**Content Reviewer** : Giovanni C. Duran
**Illustrator** : Christoper D. Macasias

**Management Team**
Bureau of Curriculum Development, Bureau of Learning Delivery, Bureau of Learning Resources







| **MATATAG K to 10 Curriculum Weekly Lesson Log** | School | | Grade Level | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Name of Teacher | | Learning Area | Language |
| | Teaching Dates and Time | | Quarter | 1- Week 3 |


| | **DAY 1** | **DAY 2** | **DAY 3** | **DAY 4** |
|---|---|---|---|---|
| **I. CURRICULUM CONTENT, STANDARDS, AND LESSON COMPETENCIES** | | | | |
| *A. Content Standards* | The learners demonstrate developmentally appropriate language for interacting with others in the classroom, and expressing meanings about familiar topics; they engage with and enjoy listening to a range of texts; and recognize familiar images, icons, and symbols in their environment | | | |
| *B.Performance Standards* | The learners use their developing vocabulary to talk about themselves, their families, and other everyday topics; they follow teacher's instructions and answer questions. They listen to and respond to stories and identify images, icons, and symbols from the environment and familiar texts. | | | |
| *C. Learning Competencies* | **LANG1LIO-I-3** Use common and socially acceptable expressions (e.g., greetings, leave-taking).<br>a. Use simple and appropriate personal greetings<br>b. Use familiar terms of address<br>c. Greet and respond appropriately to greetings<br><br>**LANG1LIO-I-5** Share confidently thoughts, preferences, needs, feelings, and ideas with peers, teachers, and other adults. | **LANG1LDEI-I-2** Use words to represent ideas and events related to oneself and family.<br>a. words that represent people, **animals**, objects, locations (naming words)<br><br>**LANG1IT-I-3** Engage with or respond to a short-spoken texts.<br>c. Discuss what is interesting or entertaining in a text | **LANG1AL-I-2** Recognize how a change in intonation (volume, pitch) and body language can change the meanings of utterances/expressions.<br>a. Recognize the difference between **statements,** questions, commands and **exclamations.**<br><br>**LANG1LDEI-I-4** Use high-frequency and content-specific words referring to oneself and family.<br><br>**LANG1CT-I-1** Record and report ideas and events using some learnt vocabulary. | **LANG1CT-I-2** Use own words in retelling information from various texts (e.g., legends, fables, and jokes).<br><br>**LANG1CT-I-3** Draw and discuss information or ideas from a range of text (e.g., stories, images, digital texts).<br>a. Note and describe main points (e.g., main characters and events)<br>b. Sequence up to three (3) key events. |



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | c. Relate ideas or events to one's experience | |
| *D. Learning Objectives* | At the end of the lesson, the learners can:<br><br>a. use simple and appropriate personal greetings;<br>b. use familiar terms of address;<br>c. greet and respond appropriately to greetings; and<br>d. share confidently thoughts, preferences, needs, feelings, and ideas with peers, teachers, and other adults. | At the end of the lesson, the learners can:<br><br>a. discuss what is interesting or entertaining in a text;<br>b. identify naming words that represent animals from a dialogue listened to; and<br>c. use naming words that represent animals to elaborate a particular topic. | At the end of the lesson, the learners can:<br><br>a. use high-frequency words referring to oneself and family.<br>b. Recognize the difference between **statements** and **exclamations** in terms of intonation; and<br>c. relate ideas or events to one's experience. | At the end of the lesson, the learners can:<br><br>a. use own words in retelling information from various texts (fables);<br>b. note main characters and events from a story listened to;<br>c. describe main characters and events from a story listened to; and<br>d. sequence up to three (3) key events. |
| **II. CONTENT** | | | | |
| **III. LEARNING RESOURCES** | | | | |
| *A. References* | | | | |
| *B. Other Learning Resources* | | | | |
| **IV. TEACHING AND LEARNING PROCEDURES** | | | | |
| **Before/Pre-Lesson Proper** | | | | |
| *Activating Prior Knowledge* | Note: When you do this lesson, use the learners' L1 or the language they most understand. | Note: When you do this lesson, use the learners' L1 or the language they most understand.<br><br>**SAY:** | Note: When you do this lesson, use the learners' L1 or the language they most understand.<br><br>**SAY:** | Note: When you do this lesson, use the learners' L1 or the language they most understand.<br><br>**SAY:** |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **SAY:**<br>*Magandang buhay, mga bata! Kumusta kayo? Noong isang linggo, marami tayong aral na natutuhan. Maaari ba ninyong ibahagi ang ilan sa inyong mga natatandaan?*<br><br>Begin with a song about greetings (e.g., "Hello Song" or "Good Morning Song").<br><br>**ASK:**<br>*Tungkol saan ang ating inawit? Sa iyong palagay, mahalaga bang gumamit tayo ng mga ekspresyong tulad ng "Magandang umaga", "Hello", at "Kumusta Ka"?*<br><br>Encourage learners to share their ideas.<br><br>**SAY:**<br>*Ang mga salitang pagbati tulad ng "Magandang umaga", "Hello", at "kumusta ka" ay mahalaga dahil nagbibigay ito ng masayang pakiramdam at pagtanggap sa taong ating sinasabihan.* | *Magandang buhay, mga bata! Kumusta kayo? Kahapon ay pinag-aralan natin ang iba't ibang ekspresyong ginagamit sa simpleng pagbati at mga salitang pamilyar na ginagamit sa pagtawag sa mga tao.*<br><br>Tumawag ng limang mag-aaral. Iproseso ang kanilang mga sagot.<br><br>**SAY:**<br>*Mahuhusay! Ngayong araw naman ay magbabahagian tayo ng mga paborito nating kuwento.*<br><br>Ask learners to bring out the book (fable) they will share with their classmates.<br><br>**SAY:**<br>*Kunin ang paborito ninyong kuwento tungkol sa mga hayop. Sabihin ang hayop na gumaganap sa iyong kuwento at ibahagi ito sa klase.*<br><br>**ASK:**<br>*Bakit ninyo nagustuhan ang librong iyan?* | *Magandang buhay, mga bata! Kumusta kayo? Kahapon ay pinag-aralan natin ang mga salitang tumutukoy sa ngalan ng hayop. Magbigay ng halimbawa ng pangungusap gamit ang mga ito.*<br><br>Tumawag ng limang mag-aaral. Iproseso ang kanilang mga sagot.<br><br>**SAY:**<br>*Mahuhusay! Ngayong araw naman ay hahatiin ko ang klase sa tatlong grupo. May ibibigay akong ginulong larawan at aayusin ninyo ang mga ito.*<br><br><br><br> | *Magandang buhay, mga bata! Kumusta kayo? Kahapon ay pinag-aralan natin ang pangungusap na nagsasabi o nagsasalaysay at pangungusap na nagtataglay ng matinding damdamin. Magbigay nga kayo ng halimbawa ng mga ito.*<br><br>Tumawag ng limang mag-aaral. Iproseso ang kanilang mga sagot.<br><br>**SAY:**<br>*Mahuhusay! Ngayong araw, tayo ay maglalaro ng Pulang Ilaw-Berdeng Ilaw.*<br><br>Ask learners to form 2 groups.<br>▪ Group 1 for boys and<br>▪ Group 2 for girls<br><br>Ipakita muna ang sumusunod na larawan:<br> |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Encourage them to share why they like them. | <br><br>Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mga larawan. | <br><br>**ASK:**<br>*Ano ang tawag sa mga hayop na nasa larawan? Paano ninyo mailalarawan ang manok? Ibon?*<br><br>Iproseso ang mga sagot ng mga mag-aaral.<br><br>**SAY:**<br>*Ako ay may hawak na berde at pulang ilaw. Kapag itataas ko ang berdeng ilaw, sasabihin ng grupo ng mga batang lalaki ang huni ng manok. Kapag pulang ilaw naman ang itataas ko, sasabihin ng mga batang babae ang huni ng ibon. Handa na ba ang lahat?* |
| *Lesson Purpose/Intention* | **SAY:**<br>*Sa araw na ito, pag- aaralan natin ang mga halimbawa ng simpleng pagbati at salitang pamilyar na ginagamit sa pagtawag sa mga tao.* | **SAY:**<br>Sa araw na ito, pag-uusapan natin ang mga salitang tumutukoy sa ngalan ng hayop. | **SAY:**<br>*Sa araw na ito, pag- aaralan natin ang kaibahan ng pahayag na nagsasalaysay at pahayag na nagpapakita ng matinding damdamin* | **SAY:**<br>*Sa araw na ito, pag-aaralan natin ang pagtukoy at paglalarawan sa mga tauhan at pangyayari gayundin ang pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa tekstong napakinggan.* |
| *Lesson Language Practice* | **ASK:**<br>1. *Anong pamilyar na pantawag ang inyong* | Ipaskil sa pisara ang mga larawan ng hayop. | Ipakita muli ang sumusunod na larawan. | ***SAY:***<br>*Bago tayo makinig sa ating kuwento, alamin muna natin* |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *gagamitin kung ang gurong babatiin ay lalaki? Kung babae?(Ginoo, Ginang)*<br>2. *Paano ninyo siya babatiin kung makasalubong ninyo siya isang hapon? (Magandang hapon po Ginoong Sison. Magandang hapon Ginang Sison.)*<br><br>Show the following pictures:<br><br><br> | **SAY:**<br>*Maglalaro tayo ngayon ng "Piliin Mo!". Ilagay sa loob ng bahay ang mga larawan ng hayop na maaaring alagaan sa tahanan.*<br> <br> <br> <br> <br>Ipatukoy sa mga mag-aaral ang ngalan ng mga hayop na nasa larawan.<br><br>Banggitin ang mga salita pagkatapos, ipaulit ang mga ito sa mga mag-aaral.<br><br>**SAY:**<br>Ang mga salitang nabanggit ay mga ngalang tumutukoy sa hayop. | maraming pagkain<br>malaking bahay<br>maraming laruan<br><br>Ipatukoy muli sa mga mag-aaral ang mga larawan. Banggitin ang sumusunod na pangungusap at ipaulit ang mga ito sa mga mag-aaral<br>1. Naghanda si nanay ng maraming pagkain para sa mga bisita.<br>2. Malaki ang bahay ng aking mga pinsan.<br>3. Binilhan ako ni tatay ng maraming laruan.<br><br>**SAY:**<br>*Ang mga binangit kong pangungusap ay nagsasabi ng impormasyon tungkol sa larawan.*<br><br>**ASK:**<br>*Tuwing nakakakita ka ng maraming pakain, ano ang iyong madalas na sabihin? Kapag malaking bahay? O kaya naman ay maraming laruan?*<br><br>(Hintaying mabanggit ng mga mag-aaral ang ilan sa mga salitang nagsasabi ng matinding damdamin tulag ng: Wow!, Grabe! Napakarami!) | *kung paano maglarawan ng tauhan o pangyayari tungkol sa tekstong napakinggan.*<br><br>Before reading the listening text, introduce words that may be used for characters and events.<br><br>***SAY:***<br>*Kapag tayo ay naglalarawan ng tauhan o pangyayari mula sa tekstong napakinggan, gamitin natin ang mga salitang naglalarawan dito. Maaaring ito ay nakatuon sa hitsura o katangian nito.*<br><br>Balikan ang paglalarawang ibinigay ng mga mag-aaral sa ibon at manok. |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Discuss other familiar terms in addressing a person and when to use them:<br>• Binibini<br>• Aling<br>• Mang<br><br>Banggitin ang mga salita at ipaulit ang mga ito sa mga mag-aaral. | | | |
| During/Lesson Proper | | | | |
| *Reading the Key Idea/Stem* | Read to the learners the dialogue between Susan and Mrs. Santos.<br><br>**SAY:**<br>*Pakinggan ninyo ang maikling usapang aking babasahin.*<br><br>Isang umaga, nakasalubong ni Susan ang kaniyang guro sa labas ng kanilang tahanan.<br><br>Susan: Magandang umaga po, Ginang Santos.<br>Ginang Santos: Magandang umaga rin sa iyo, Susan. Kumusta ka?<br>Susan: Mabuti naman po ako Ginang Santos. Maraming salamat po sa inyong pangungumusta.<br>Ginang Santos: Walang anuman. | Read to the learners the dialogue between Mia and Leo.<br><br>As they listen, show the corresponding pictures **big enough for the whole class** of the idea being talked about in the dialogue so they can follow along with the images.<br><br> | Read to the learners the sentences from the dialogue between Mia and Leo.<br><br>**SAY:**<br>*Pakinggan nang mabuti ang sasabihin ko.*<br>1. Natutulog ang tigre.<br>2. Nasa lilim ng puno ang tigre.<br>3. Marami ang kinakaing karne ng tigre.<br>**ASK:**<br>*Ano ang masasabi ninyo sa ideya ng mga sinabi ko?*<br><br>Tumawag ng limang mag-aaral. Iproseso ang kanilang mga sagot.<br><br>**SAY:**<br>*Pakinggan nang Mabuti ang* | Read to the learners the fable, “Sina Manoka at Maya”<br><br>***SAY:***<br>*Alamin natin kung ano naipakita ng ating tauhan sa mga pangyayari sa kuwento.*<br><br>*Makinig nang mabuti at maging handang ikuwento muli ito sa inyong kaklase.*<br><br>While narrating the story, show the pictures depicting the significant events.<br><br>Read the story aloud.<br><br>**SAY:**<br>*Pakinggan ninyo ang maikling kuwentong aking babasahin.* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Mga gabay na tanong:<br>1. Kailan binati ni Susan ang kaniyang guro?<br>2. Ano ang ekspresyong ginamit ni Susan sa pagbati sa kaniyang guro?<br>3. Anong pamilyar na tawag ang ginamit ni Susan sa kaniyang guro?<br>4. Maliban sa magandang umaga, magbigay pa ng ibang ginamit na ekspresyon sa usapan. | <br><br><br><br>**SAY:**<br>*Pakinggan ninyo ang maikling usapang aking babasahin tungkol kina Mia* | *mga sasabihin ko.*<br>1. Ang galing!<br>2. Wow!<br>3. Grabe!<br>4. Hindi nga!<br><br>**ASK:**<br>*Ano ang masasabi ninyo sa ideya ng mga sinabi ko?*<br><br>Tumawag ng limang mag-aaral. Iproseso ang kanilang mga sagot. | **Sina Manok at Maya**<br>ni Ellen Grace F. Fruelda<br><br>Laging nag-iisa at malungkot si Manoka sa isang malaking bakuran. Isang umaga, napansin niya si Maya, ang munting ibon, na nasa sanga ng puno sa bakuran.<br><br>"Kumusta ka?", bati ni Manoka kay Maya<br>"Mabuti naman, Manoka!", tugon ni Maya.<br>"Masaya ka ba riyan sa sanga ng puno? Halika, bumaba ka rito.", sabi ni Manoka.<br>"Baka may humuli sa akin diyan kapag bumaba ako. Dito na lamang ako sa sanga.", sagot ni Maya. |







| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *at Leo sa panulat ni Mil F. Ponciano.*<br><br>Mia: Tingnan mo, Leo! Ang laki ng tigre!<br>Leo: Wow! Oo nga, talagang napakalaki!<br>Mia: Nasa lilim ng puno ang tigre.<br>Leo: Mukhang napakamakapangyarihan!<br>Mia: Alam mo ba na ang mga tigre ang pinakamalalaking ligaw na pusa sa mundo?<br>Leo: Ang galing!<br>Mia: Ang mga guhit sa tigre ay tumutulong sa kanila na magtago sa kagubatan.<br>Leo: Gustong-gusto ko ang maganda balahibo nitong kulay kahel!<br>Mia: Sabi ng tagapag-alaga ng zoo, marami raw kinakaing karne ang tigre araw-araw.<br>Leo: Grabe! Isipin mo napakarami palang dapat ihanda kapag magpapakain ng isang tigre!<br>Mia: Ang mga tigre ay mahusay ding lumangoy.<br>Leo: Hindi nga! Hindi ko alam na mahilig pala sa tubig ang mga tigre!<br>Mia: Oo, gustong-gusto nilang magpalamig sa mga | | “Naririnig kasi kitang kumanta. Gusto ko ang iyong boses kaya gusto sana kitang sabayan.”, sambit ni Manoka.<br><br><br><br>Mula noon, magkasama silang umaawit habang sumisikat ang araw. Napuno ng kasiyahan ang malaking bakuran dahil sa kanilang pagkakaibigan.<br><br>**Mga gabay na tanong:**<br>1. Sino- sino ang mga gumanap sa kuwento?<br>2. Saan nakatira si Manoka?<br>3. Kailan napansin ni Manoka si Maya?<br>4. Ano ang ginagawa ni Maya nang makita siya ni Manoka?<br>5. Bakit naging masaya ang malaking bakuran?<br><br>Allow learners to share their responses to the class. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | lawa at ilog.<br>Leo: Ang dami kong nalaman ngayon. Ito na ang pinakamagandang araw!<br><br>Mga gabay na tanong:<br>1. Ano ang pinag-uusapan nina Mia at Leo?<br>2. Anong katangian ng tigre ang nabanggit sa usapan?<br>3. Gusto mo bang mag-alaga ng tigre? Bakit?<br>4. Ano sa tingin ninyo ang nakaaliw at nakakuha ng inyong atensyon sa usapang napakinggan?<br><br>Allow learners to share their responses to the class. | | |
| *Developing an understanding of the Key Idea/Stem* | Let learners practice greeting each other using these familiar terms of address such as "Ginoo," "Ginang," "Binibini," "Kaibigan."<br><br>Banggitin ang sumusunod na pangungusap sa mga mag-aaral. Pagkatapos, ipaulit ang mga ito sa mga mag-aaral.<br><br>**SAY:**<br>1. "Magandang umaga, Ginang Santos!"<br>2. Kumusta ka, kaibigan?<br>3. “Magandang hapon, | Present the following pictures and names of animals.<br><br>**SAY:**<br>*Pakinggan ninyo ang mga salitang sasabihin ko nang dalawang beses. Pagkatapos, kayo naman. Handa na ba?*<br><br>tigre | Read to the learners again the sentences from the dialogue between Mia and Leo.<br><br>**SAY:**<br>*Pakinggang mabuti ang sasabihin ko.*<br>1. Natutulog ang tigre.<br>2. Nasa lilim ng puno ang tigre.<br>3. Marami ang kinakaing karne ng tigre.<br>**ASK:**<br>*1. Paano ko binanggit ang mga* | Present again the pictures used in the listening text. Ask the learners to arrange the pictures based on the text listened. Allow the learners to narrate their work. Ensure that the incorrect arrangement is presented to the learners during the activity.<br><br>_________ Laging nag-iisa at malungkot si Manoka sa isang malaking bakuran. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Binibining Reyes!”<br>4. “Maraming salamat, Aling Marina.”<br>5. “Walang anuman, Mang Pedro.”<br><br>Let learners give more examples of greetings using familiar terms and polite expressions. | <br>tandang<br><br>kuneho<br><br>pusa<br><br><br>**SAY**:<br>*Pakinggan ninyo ang mga pangungusap na sasabihin ko nang dalawang beses. Isabay ang mga larawan habang binabanggit ang mga ito. Pagkatapos, kayo naman. Handa na ba?* | *pangungusap?*<br>*2. Ang mga ito ba ay nagsasabi o nagtatanong ng impormasyon?*<br><br>**SAY:**<br>*Pakinggan ang mga sasabihin ko.*<br>1. Ang galing!<br>2. Wow!<br>3. Grabe!<br>4. Hindi nga!<br><br>**ASK:**<br>*1. Paano ko binanggit ang mga pangungusap?*<br>*2. Ang mga ito ba ay nagtatanong ng impormasyon o nagpapakita ng matinding emosyon?*<br><br>Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kaibahan ng pahayag na nagsasalaysay at nagpapakita ng matinding damdamin. | <br>_________ Tinanong ni Manoka si Maya kung masaya ba siyang nakadapo sa sanga ng puno sa malaking bakuran.<br><br>_________ Magkasama nang nagkakantahan sina Maya at Manoka. Napuno ng kasiyahan ang malaking bakuran dahil sa kanilang pagkakaibigan.<br> |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | ***Mga pangungusap:***<br>*1. Ang **tigre** ay mabangis.*<br>*2. Tumitilaok ang **manok** tuwing umaga.*<br>*3. Binigyan ko siya ng **pusa** kanina.*<br>*4. Mabait ang alaga kong **kuneho**.* | | |
| *Deepening Understanding of the Key Idea/Stem* | Bumuo ng 4 na pangkat at gawin ang gawain.<br><br>**SAY:**<br>*Bumuo ng usapan gamit ang tamang pagbati para sa:*<br>*Pangkat 1- pagkilala sa bagong kaibigan*<br>*Pangkat 2 – pagbati sa guro*<br>*Pangkat 3- pagpapaalam bago umalis sa bahay*<br>*Pangkat 4 – pagtanggap ng bisita sa bahay* | Divide the class into five groups, then let them fix the puzzle (pictures of animals).<br><br><br><br>**SAY:**<br>*Hahatiin ko kayo sa limang pangkat. Pagkatapos, ayusin ninyo ang mga ginulong larawan, tukuyin ang ngalan ng mga ito at bigyang- Bibigyan ko kayo ng tatlong minuto sa pagbuo mga larawan.* | **SAY:**<br>*Ngayon naman ay maglalaro tayo ng palabunutan. Itaas ang kamay ng gustong bumunot ng papel dito sa loob ng supot.*<br><br>**SAY:**<br>*Babasahin ko ang nakasulat sa papel. Itaas ang kanang kamay kung ang binasa kong pahayag ay nagsasalaysay at kaliwang kamay kung nagpapakita ng matinding damdamin.*<br><br>**Mga pangungusap:**<br>1. Nakakita na ako ng leon sa zoo.<br>2. Grabe! napakaamo ng alaga akong aso.<br>3. Naku! mabagal maglakad ang pagong.<br>4. Maliit ang ibong ibinigay ng ate ko. | After narrating the story, let learners describe the character and events mentioned.<br><br>Ipakita muli ang mga larawan.<br><br>**SAY:**<br>*Paano mo ilalarawan si Manoka sa unang pangyayari?*<br><br>__________ Laging nag-iisa at malungkot si Manoka sa isang malaking bakuran. (PICTURE)<br><br>**SAY:**<br>*Anong katangian ang ipinakita ni Manoka sa ikawalang pangyayari? Si Maya?*<br>__________ Tinanong ni Manoka si Maya kung masaya ba siyang nakadapo sa sanga ng puno sa labas |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Let learners post the pictures of animals, identify its name and use the naming words for animals in sentences.<br><br>**Halimbawa:**<br>**Mga pangungusap:**<br>1. Nakakita na ako ng **leon** sa zoo.<br>2. May alaga akong **aso**.<br>3. Mabagal maglakad ang **pagong**.<br>4. Maliit ang **ibong** ibinigay ng ate ko.<br>5. May nakitang ligaw na **ahas** sa likod ng aming bahay.<br><br>Let learners give more examples of naming words for animals. | | ng malaking bakuran. (PICTURE)<br><br>**SAY:**<br>*Ano ang masasabi mo sa huling pangyayari ng tekstong napakinggan?*<br><br>_________ Magkasama nang nagkakantahan sina Maya at Manoka. Napuno ng kasiyahan ang malaking bakuran dahil sa kanilang pagkakaibigan. (PICTURE)<br>Ensure that the answers of the learners are acknowledged. |
| **After/Post-Lesson Proper** | | | | |
| *Making Generalizations and Abstractions* | Magbanggit ng isang simpleng pagbati at pamilyar na tawag sa tao na iyong naaalala mula sa aralin ngayon. Ipaliwanag kung kailan ito ginagamit.<br><br>**SAY:**<br>*Mula sa napag-aralan natin, magbanggit ng mga simpleng pagbati sa kapamilya gamit ang mga pamilyar na tawag sa tao. Ibahagi sa klase kung* | **ASK**:<br>*Ikaw ba ay may alagang hayop sa inyong tahanan?*<br><br>*Paano mo ito inaalagaan?*<br><br>*Mahalaga bang alagaan natin ang mga hayop na nasa ating paligid? Bakit?*<br><br>Call at least 5 learners for each question. | **SAY:**<br>Magbigay ng pangungusap na nagsasalaysay at nagsasabi nang matinding damdamin tungkol sa sitwasyong ito:<br><br>**Sitwasyon:**<br><br>Natakot si Mia nang marinig ang malakas na kulog. | ***ASK:***<br>*Paano natin matutukoy ang wastong salitang dapat gamitin sa paglalarawan sa tauhan at pangyayari sa isang kuwento?* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *kailan ginagamit ang mga ito.* | | **ASK:** Ano ang kaibahan ng pahayag na nagsasalaysay sa pahayag na nagsasabi nang matinding damdamin? | |
| *Evaluating Learning* | **SAY:**<br>*Humanap ng kapareha. Magpakita kayo ng isang sitwasyong maaari ninyong paggamitan ng sumusunod na simpleng pagbati. Dugtungan din ito mga pamilyar na pantawag sa tao.*<br>1. Magandang umaga<br>2. Kumusta ka?<br>3. Tuloy po kayo.<br>4. Hello!<br>5. Magandang gabi! | **SAY:**<br>*Pumili ng tatlong larawan sa mga nakapaskil sa pisara. Gamitin ang mga ito sa pangungusap.*<br> <br> <br> <br> <br>  | Bigyan ng bituin at buwan ang mga mag-aaral.<br><br>Say: *Itaas ang bituin kung ang aking sasabihin ay nagsasalaysay at buwan naman kung ito ay nagpapakita ng matinding emosyon.*<br><br>1. Bumili ng bagong bahay si Mia.<br>2. Wow! napakaganda ng bagong bahay ni Mia.<br>3. Grabe! napakalaki ng alagang aso ni Leo.<br>4. Tumatahol ang alagang aso ni Leo.<br>5. Maraming halaman sa hardin ni Mia. | Show 3 pictures of events. Ask learners to sequence them and let them describe the characters and events in the story.<br><br><br><br>Let learners share the story to the class. |
| Additional Activities for Application or Remediation (if applicable) | **SAY:**<br>*Gumawa ng kard para sa isa sa mga miyembro ng iyong pamilya gamit ang simpleng pagbati at wastong pantawag* | **SAY:**<br>*Mag-isip ng dalawang ngalan ng hayop. Gamitin ang bawat salita sa sariling pangungusap.* | **SAY:**<br>*Mag-isip ng isang pangyayari sa buhay mo na maaaring nagsasabi o nagtataglay ng matinding* | **SAY:**<br>*Magtanong sa iyong magulang ng isang maikling kuwento tungkol sa mga hayop. Tukuyin ang mga* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *sa kaniya. Ibahagi ito sa klase.*<br><br>*Dalhin ang paborito ninyong libro/kuwento tungkol sa mga hayop.* | | *damdamin. Ibahagi ito sa klase.* | *tauhan at pangyayari dito. Pagkatapos, ilarawan ang mga ito batay sa iyong pagkakaunawa sa kuwentong napakinggan.* |
| *Remarks* | | | | |
| *Reflection* | | | | |

Prepared by:

______________________
Subject Teacher

Reviewed by:

______________________
Master Teacher/Head Teacher

Approved by:

______________________
School Head